Simula sa buwan ng Nobyembre 2022, papalitan ang bakuna ng Pfizer para sa Omicron strain (BA.4/5).
Sa kasalukuyan, ang bivalent vaccine (booster) para sa Omicron strain ay ibinibigay nang isang beses bawat tao, anuman ang bilang ng mga dosis o uri ng bakuna (BA.1 o BA.4/5).

Ang mga taong nabakunahan na laban sa Omicron strain (BA.1) ay hindi dapat mabakunahan laban sa Omicron strain (BA.4/5).

Ang pagitan mula sa nakaraang pagbabakuna sa pangatlo, pang-apat, at panglimang beses na pagbabakuna ay pinaikli mula 5 buwan hanggang 3 buwan.

Ang mga tiket sa pagbabakuna ay ipapadala sa mga bagong kwalipikado para sa pagbabakuna simula sa buwan ng Nobyembre 1.

Impormasyon sa pagbabakuna laban sa COVID-19 simula sa buwan ng Nobyembre 2022

Para sa karagdagang impormasyon kung saan ka maaaring magpabakuna, kung paano mag-aplay ng kupon o tiket para sa pagbabakuna, at iba pang mga detalye, mangyaring bisitahin ang pahina ng lungsod o tumawag sa call center.

フィリピノ語

Yokkaichi-shi
New Coronavirus Infectious Disease Control Office
Bakuna Laban sa Covid-19
Yokkaichi Call Center
☎ 059-327-5990

Magsisimula na ang pagbabakuna sa COVID-19 para sa mga batang nasa edad 6 na buwan hanggang 4 na taon. Ang bilang ng mga inoculation (pagbabakuna) ay tatlo, at ang isang aplikasyon mula sa isang tagapag-alaga ay kinakailangan upang makatanggap ng tiket o kupon sa pagbabakuna.



Ang takdang araw para sa pagtanggap ng huling corona vaccine ay sa Marso 31, 2023.

Ang bivalent vaccine laban sa Omicron strain ay hindi maaaring ipabakuna maliban na lamang kung nakumpleto ang una at pangalawang dosis ng kanilang pangunahing serye ng pagbabakuna sa COVID-19.

Ang mga nais mabakunahan ng bivalent vaccine laban sa Omicron strain ay kinakailangan na isaalang-alang ang pagkumpleto ng una at pangalawang dosis sa loob ng taong 2022 (Reiwa 4).